# Arkanghel sa Maccrotel

**Vladimeir B. Gonzales**

**TAUHAN**

| | |
|---|---|
| GABRIEL/GAB | Assistant Public Relations Officer sa Office of the President |
| RAPHAEL/RAP-RAP | Isang teen starlet |
| SECURITY PERSONNEL | |

**TAGPO:**

Sa isang silid sa Maccrotel, hotel na pag-aari ng isang popular na alyadong pulitiko. Kakatapos lamang ng pambansang halalan.

*Makikita sina Gab at Rap-Rap na naglilingkisan ng katawan sa ibabaw ng kama. Manginigbabaw si Gab, sasampalin niya si Rap-rap at hahalikan nang mariin. Itutuwad ni Gab si Rap-Rap. Aastang dudura si Gab sa puwitan ni Rap-Rap. Kukuha ng condom si Gab at sisimulang ipasok ang ari niya sa puwitan ni Rap-Rap. Lalapit siya sa tenga ni Rap-Rap.*

**GAB**

Sabihin mo ... “ang laki ng titi mo.”

**RAP-RAP**

A ... Ano po? Aray.

**GAB**

’Yung titi ko, sabihin mo ang laki ng titi ko.

**RAP-RAP**
*(Habang umuungol)* Ang laki … ang laki ng titi ko.

**GAB**
Gago, hindi titi mo, 'yung akin, 'yung titi ko.

**RAP-RAP**
"Titi mo" po?

**GAB**
Oo … ayan …

**RAP-RAP**
"Ang laki … ng titi mo … po …"

**GAB**
Wala nang "po!"

**RAP-RAP**
Ang laki ng titi mo …

**GAB**
'Yan … tama … sabihin mo, ang sarap ng burat mo …

**RAP-RAP**
*(Nauutal dahil sa pag-alog)* Ang-sa-rap-ang-sa-rap-ng-bu-dahan-dahan lang po …

**GAB**
Tangina tuloy mo lang!

**RAP-RAP**
Ang … aray … aray ko po.

**GAB**
*(Pagkatapos ng ilang pag-ayuda)* Alam mo 'yung Baby Shark?

**RAP-RAP**
'Yung kanta po?

**GAB**
Oo bok, kantahin mo, kantahin mo habang tinitira kita.

**RAP-RAP**
*(Habang tinitira)* Ba-by … shark … tututuruturut …

**GAB**
'Yung mommny naman bok … 'Yung mommy tangina mo …

**RAP-RAP**
*(Halatang nasasaktan pero susunod pa rin)* Mo-mmy, aray … Mommy shark tututuruturut …

**GAB**
'Yung daddy!  'Yung daddy putanginamo ka!

**RAP-RAP**
Daddy … da-ddy! *(Pasigaw)* Da-ddy shark tututurututurut!

*Bibilis ang pag-ayuda ni Gab hanggang sa aastang lalabasan siya habang nakapasok sa loob ni Rap-Rap. Mapapabagsak ang dalawa. Hindi kikilos nang ilang saglit. Maya-maya'y babangon si Gab, mag-aalis ng condom. Magsusuot siya ng boxers, kukuha ng sigarilyo at sisindihan ito bago maupo muli sa kama. Unti-unting gagalaw si Rap-rap, tatayo, hahagilapin ang brief sa mga nakakalat na damit sa sahig.Katahimikan.*

**GAB**
Hindi ka nakapagpalabas.

**RAP-RAP**
Okey lang po. *(Patlang)* CR lang po ako.

*Dadamputin ni Rap-Rap ang kanyang brief sa sahig bago pumunta sa banyo. May kukuning cellphone si Gab sa isang drawer, titignan saglit at ibabalik agad sa pinagkuhaan ang telepono. Aabutin ni Gab ang remote ng TV at bubuksan ito. Magpapalipat-lipat siya ng mga channel, hindi makikita ang mga imahen pero maririnig sa voiceover ang mga palabas.*

**VO**

... Sa Shambhala City sa Mindanao nagmartsa ang libo-libong magsasakang biktima ng El Niño ... *(maglilipat ng channel)* ... 16 Million votes for the new president, a historic moment in Philippine elections ... *(maglilipat ng channel)* ... One month since the Shambala tragedy ... *(maglilipat ng channel)* ... tatlong magsasaka ang kumpirmadong patay, walumpu't anim ang dinakip ng pulis at daan-daan pa ang nasugatan ... *(maglilipat ng channel)* pangunahing plataporma president-elect ang pagsugpo ng droga ... *(maglilipat ng channel)* as the new administration begins, the nation asks, who is accountable for the tragedy, will the new administration deal with this massacre ... *(maglilipat ng channel)* ... Curry scored 27 points, an amazing 70 winning games in one season, wow kung puwede lang magmura on live TV e shet nagmura na ako sa galing ni Curry ...

*Magbabalik si Rap-Rap na nakasuot na ng brief. Mauupo siya sa kama habang nakatutok naman si Gab sa TV. Pagkalipas ng ilang segundo ay unti-unting hihina ang audio ng kanilang pinapanood. May awkward na kawalan ng imik sa pagitan ng dalawa.*

**GAB**

Mas maliit ka pala sa personal.

**RAP-RAP**

Po?

**GAB**

*(Ibababa ang remote at kukunin ang sigarilyo)* Sa TV, mas mukha kang mataas kako. Yosi?

**RAP-RAP**

Hindi na po. Thank you po.

*Patlang.*

**GAB**

Kung nag-aalala kang hindi ka mababayaran, relax ka lang bok. Nasabihan ka naman siguro kung sino ang makakatrabaho mo. Mahiga ka muna, bok. Ayan o, NBA, tangina playoffs na nga pala. Manood muna tayo. Sino ba team mo, bok?

**RAP-RAP**
Hindi po ako nanonood ng NBA.

**GAB**
Bok, di ba sabi ko wag ka nang mag-"po?"

**RAP-RAP**
Sorry po ... sorry.

**GAB**
Sigurado kang ayaw mong magyosi?

**RAP-RAP**
Sabi sa sign sa labas, "smoking not allowed inside Maccrotel."

**GAB**
*(Matatawa)* Not allowed? Tangina bok teritoryo natin 'tong Maccrotel, bok! Di mo ba alam kung sino'ng may-ari nito?

*Patlang*

**GAB**
Sige, sige, para sa iyo bok, papatayin natin 'to. *(Patlang)* Alam mo bang paborito ka ng misis ko?

**RAP-RAP**
May asawa pala kayo.

**GAB**
Oo tangina *(ipapakita ang palasingsingang may wedding ring)*. Patay na patay sa iyo 'yon, bok, sinasabi ko sa iyo. Doon pa lang sa "Make Your Star," di ba du'n ka unang lumabas? Ginagaya pa niya 'yung opening line nu'n—'yung "dream, believe, dream some more, until you make your star!" Ganu'n 'yun di ba bok? Hanggang du'n sa mga teleserye mo, alam ni misis 'yun. 'Yung "Manilenyo in Manhattan," "Barista Royalty," "Sundalong Pangkalawakan," saka doon sa "Alindog ni Adonis." Tangina bok, totoo ba 'yung kuwento mo du'n sa "Make Your Star?" 'Yung nakita kang umaakyat sa puno ng aRatilis *(emphasis sa "R")* kaya ka na-discover, at saka ang tanghalian ninyo minsan ay puro aRatilis at pandesal?

**RAP-RAP**
May katabi lang na aLatiris *(emphasis sa "L")* doon sa may simbahan, du'n ako nakita ng handler ko, du'n sa "Lakan ng Pagsanjan." Mas bebenta raw sa audience ng "Make Your Star" pag 'yung kuwento e nasa taas ako ng aLatiris noong nakita nila ako.

**GAB**
*(Mapapaisip)* ARatilis BA na "A-R-A-L" o ALatiris "A-L-A-R?"

**RAP-RAP**
*(Patlang)* Alam ko po, aLatiris. Kahit ano naman, okey lang sa 'kin. Umaakyat ako dati du'n, lalo pag summer.

**GAB**
Ako rin bok, dati, pag summer, umaakyat din ako sa aratilis. Kami ng mga barkada ko. May dala-dala pa kong tabo, gawa sa lata ng gatas. Nido, bok.

**RAP-RAP**
*(Magiging mas komportable)* Mahilig din pala kayo sa alatiris.

**GAB**
Oo naman! Batang-kalye 'to bok! Aratilis, santol, mangga! Lahat inaakyat namin, minsan tinatalon, pag di kayang umakyat. 'Yung aratilis, paborito ko 'yun. Kasi matamis.

**RAP-RAP**
Onga po, matamis, pumuputok pa sa bibig.

*Lalapitan ni Gab si Rap-Rap.*

**GAB**
Oo bok. Matamis. Parang ikaw.

*Lalaplapin ni Gab si Rap-Rap.*

**GAB**
Sigurado ka bang ayaw mong magpalabas?

**RAP-RAP**
Ayos lang ako.

*Patlang. Unti-unting lalayo si Gab para maipagpatuloy ang kanyang kuwento.*

**GAB**
Ayun nga bok, 'yung aratilis. Dati, kaming magbabarkada, pupunta kami doon sa kapitbahay, sa taas ng kalye, pagkatapos magbasket, doon sa may malaking damuhan na may puno ng aratilis sa gitna. Nagta-tumbling muna kaming magbabarkada. Si Jarden, si Joshua, si Airajay, lahat andun. Bok, naabutan mo ba 'yung Ninja Kids? Idol namin 'yun, sina JC Bonin, Herbert Bautista, lahat! Nagluluksong-baka kami, pero imbes na lukso ay tamblingan kami sa likod ng taya, kunwari mga ninja. Di pa uso anime nu'n bok! Ninja Kids lang, saka Voltron, Voltes V tangina bok di mo na yata alam 'yun. Ano pa ba, ayun, wrestling! Wrestling ang uso, wrestlingan kami pagka-tumbling, WWF bok. Summerslam kada hapon, Wrestlemania nina Ultimate Warrior, Hulk Hogan, Macho Man Randy Savage. Pagkatapos, magugutom kami bok, kaya ayun, akyatan na sa aratilis. Ako ang pinakamabilis umakyat!

**RAP-RAP**
Talaga?

**GAB**
Oo naman! May isang beses, nag-unahan kaming umakyat sa puno ng aratilis, 'yung matalo manlilibre ng RC o ng palamig, basta may pustahan. Tapos, unahan na. Mga sampung segundo pa lang, asa taas na ako, partida dala ko pa 'yung lata ng Nido ko. Pero ayun, may isang beses, pag-akyat ko, dumiretso ako sa isang sanga, ginapang ko 'yung sanga bok, putsa du'n kasi 'yung pinakamaraming bunga tangina. Partida hawak ko pa 'yung gawa-gawa kong tabo nu'n ha. Tapos ...

**RAP-RAP**
Tapos?

**GAB**
Ayun, excited na akong mamitas, paisa-isa bok, ayun, kulay pula, bilog na bilog, sumisirit 'yung katas pag pinuputol ko mula sa sanga. Ang tamis! Nakakalahati na 'yung tabo ko kakalagay bok ... tapos bok ... tapos ...

**RAP-RAP**
Tapos?

**GAB**
Tapos …

**RAP-RAP**
*(Excited)* Tapos?

**GAB**
Tapos, may bumagsak sa tapat ko. Akala ko dahon lang. Pucha palakang puno pala. One inch lang ang layo sa ilong ko. Tangina bok one inch! Nakipagtitigan siya. Berdeng-berde 'yung balat, parang hinog na sipon. Dilat na dilat 'yung mata, kulay dugo na may itim sa gitna. Tapos … Ayun! Bok, tangina, 'yung palaka tumalon sa mukha ko!

**RAP-RAP**
*(Excited)* Grabe! Tapos? Tapos ano'ng nangyari?

**GAB**
Tapos, napabitaw ako sa sanga … tapos …

**RAP-RAP**
Naku! Tapos?

**GAB**
Tapos nahulog ako!

**RAP-RAP**
Tapos?

**GAB**
Tapos … tinubuan ako ng pakpak.

**RAP-RAP**
Ha?

**GAB**

Oo bok! Nahulog ako, tapos tinubuan ng pakpak! Tapos kumampay ako, lumipad ako nang lumipad nang lumipad nang lumipad … tapos napunta ako sa langit … tapos nakita ko si San Pedro at ang mga angels niya tapos kumain kami ng manok ni Senior Pedro saka Angels Pizza tapos nagkantutan kaming lahat kasama 'yung patay na manok tangina bok andaming lumabas sa etits ko nilunok ni San Pedro lahat pati 'yung buto ng manok nilunok niya … *(matatawa)* Pucha bok, talagang ang dali mo lang utuin ano?

*Pagtatawanan ni Gab si Rap-Rap.*

**RAP-RAP**

Gawa-gawa niyo lang lahat 'yon?

**GAB**

Bok, Rap-Rap—totoong pangalan mo ba 'yun o screenname lang 'yung Rap-Rap Avelino?

**RAP-RAP**

*(Halatang naiinis)* Raphael talaga ang pangalan ko.

**GAB**

Ayan, Raphael, bok, ikaw naman, parang di ka na nasanay, e di ba ganyan naman ang trabaho mo? Lakan ng Pagsanjan, umaakyat sa puno ng aratilis o alatiris o kahit ano pa 'yan, walang mapakain sa pamilya kaya ginustong mag-artista, walang pangkain pag pasko o bagong taon kundi lugaw at tubig—teka bok totoo ba 'yung lugaw na 'yun?

**RAP-RAP**

Champorado. Mas class C-D lang daw pag ginawang lugaw, sabi ng handler ko.

**GAB**

Exactly. Gets na 'yun bok. It's not about whether your story's true or not. It's about making it look like the truth, 'yung mukhang totoo. Ganu'n naman ang trabaho natin.

**RAP-RAP**

Ano ba ang trabaho ninyo?

**GAB**
Pucha bok, talagang di ka na-orient ng handler mo?

**RAP-RAP**
Sabi lang niya, big time na kliyente. Gobyerno.

**GAB**
Eksakto. Teka bok, tingnan mo ’to.

*Kukunin ni Gab ang remote at bubuksan ang TV. Magpapalipat-lipat ng mga channel.*

**GAB**
Ayan, ayan bok, nakikita mo ’yan? Ano’yan?

**RAP-RAP**
News po.

**GAB**
Oo, “news po.”

**RAP-RAP**
“News.”  Ano’ng meron sa news?

**GAB**
Hindi mo pa ba ’yan napapanood?

**RAP-RAP**
Medyo. Last month bago ’yung election. ’Yung mga magsasaka nagrally kasi wala silang pagkain. Tapos binaril sila ng mga pulis.

**GAB**
Parang gano’n nga bok. Doon sa Shambhala ’yan. Nag-viral ’yan last month, tingnan mo sa FB, sa Twitter, may nakakuha ng video nu’ng dispersal. Siyempre, ang hinahanap ng mga tao diyan, nasaan ang pangulo, bakit hindi pa siya nagsasalita, ano ba ang inaatupag niya. ’Yan, diyan tayo pumapasok.

**RAP-RAP**
Paano kayo pumapasok?

**GAB**

Ganito 'yan bok. Hanggang ngayon, naghihintay ang mga tao, bakit namaril ang pulis, alam ba 'yan ng pangulo, bakit paalis na siya sa puwesto pero wala pa siyang sinasabi, ano ang sasabihin niya kung sakali. Isipin mo, si Pangulo, si boss, parang ikaw 'yun, kasi pareho kayong kailangang humarap sa camera. Pero hindi naman kayo haharap sa camera nang hindi nakapag-rehearse di ba? At di kayo makakapag-rehearse kung wala kayong script. Gets mo na?

**RAP-RAP**

Kayo 'yung gumagawa ng script ng Pangulo?

**GAB**

Public Relations bok, communications, 'yun ang tawag du'n. Public Relations Officer. Well, Assistant Public Relations Officer. Wala e, hindi naman nanalo ang manok natin ngayon, di tuloy sure kung makakalampas pa sa tayo pagka-assistant. We'll see. God will provide.

**RAP-RAP**

God will provide?

**GAB**

Yes. God will provide. Ulitin ko pa para makabisado mo?

*Patlang.*

**RAP-RAP**

May taping pa ako sa umaga, baka puwede na akong umalis.

**GAB**

Anong taping, e kaya ka nga andito dahil wala kang makuhang project. Gusto nila ngayon mga mukhang Koreano, e ikaw Pinoy na Pinoy. Kayumanggi, parang panggatong bok. Sakto din, ang wooden mo naman din umarte.

**RAP-RAP**

Wooden?

**GAB**

Dull. Lifeless. Flat. Parang robot. Walang kalalim-lalim. In short, walang alam sa acting. Tingnan mo, halatang-halata ko na nagpapalusot ka lang. Maganda ka lang tingnan saka tirahin bok. Saka di ba sabi ko sa iyo, babayaran kita. Susulitin ko lang ang oras ko sa iyo.

**RAP-RAP**

Ano pa ba ang gusto niyong gawin natin?

**GAB**

Eto. Ginagawa na natin. Nag-uusap tayo. Pag may oras pa, pag ginanahan pa, isang round pa uli. Hindi ka pa nagpapalabas, gawan natin ng paraan kung gusto mo bok. Kuwentuhan tayo. O, "Kuwentutan" *(matatawa)* tangina ang tito ng joke ko *(hindi matutuwa si Rap-Rap)*.

**RAP-RAP**

Sige, ano ba'ng gusto mong pagkuwentuhan natin?

**GAB**

Ewan ko bok. Kahit ano. Baka may tanong ka sa akin, mag-isip ka. Ano, nahihirapan ka? Sige, ako muna. Kunwari interview ito sa isang showbiz talk show. Hello, Mr. Rap-Rap Avelino. May I ask, paano ba kayo napunta sa propesyon ng pagmu-moonlight bilang man-whore? *(Sisingit bago pa makasagot si Rap-Rap)* Oh wait, alam ko na ang sagot diyan: matindi ang pangangailangan. Gusto mong bigyan ng magandang kinabukasan ang mga mahal mo sa buhay. Sawang-sawa ka na sa pagsali sa mga Lakan ng Pagsanjan at sa kung saan-saan pang mga small time na purok at baranggay male pageants. Gusto mong mag-agahan ng hindi puro aratilis at pandesal. Gusto mo na ang Noche Buena at Medya Noche mo ay hindi lang puro lugaw o champorado. Ano, siyempre may mga kamag-anak kang nakaratay. May lolo ka, 'no, lola ba, o why not, lolo at lola, saka aso at goldfish, lahat sila, pare-parehong may mga nakamamatay na sakit. May taning na. Kailangan mong gumawa ng paraan, kailangan mong umahon sa lusak at burak ng nakasusulasok na kahirapan. Ano bok, nagets mo na? Gets mo?

**RAP-RAP**

Ang daldal n'yo pala ano?

**GAB**
Tangina mo bok. Dito sa kadaldalan ko ako umasenso ’no. Mahal ang mga salita ko! *(Aabutin ang remote para buksan ang TV, may ambient sound ng channel surfing)* ’Yung mga salita ko ang gumagabay at nagpapaliwanag sa masa. Halimbawa, imbes na sabihin ng pangulong siya ang ulo ng bansa, mas palakaibigan ang sabihin niyang “kayo, kayong mga Pilipino, kayo ang mga boss ko.” Ako ang nakaisip nu’n, bok! Saka’yung “Hindi parang NBA playoffs ang pulitika. Pag may natalo, hindi lang isang team ang nadedehado, ang nadedehado ay ang buong ... sambayanang Pilipino.” Tangina bok, brilliant di ba? Eto, siguro alam mo ’to, kahit saan ginagamit ito. ’Yung “Diretsong Daan,” pamilyar ka naman doon di ba?

**RAP-RAP**
Daang Diretso.

**GAB**
Diretsong Daan bok! Pinagtulungan namin ’yun. Simpleng-simple, pero napakalinaw. Sa diretsong daan, sama-sama tayong maglalakad patungo sa kinabukasan. Walang maiiwanan sa diretsong daan. Ang diretsong daan ay isang daan na walang corrupt. Walang magnanakaw, walang mandarambong. Walang diktador sa diretsong daan. *(Mapapangiti)*

**RAP-RAP**
Kayo bale ang nag-iisip ng mga sasabihin ng presidente, pag may mga guesting siya, pag may event, ganoon ang trabaho ninyo?

**GAB**
*(Ibababa ang remote, halatang iritable)* Bok, hindi lang sa “speaking engagements” ’yan. I assure you, marami kaming ginagawa bukod sa mga talumpati. Bok, nu’ng hinahanda pa lang ang pagkandidato ni Presidente? Ako, kami ang nag-isip ng tema para sa mga magiging campaign jingle niya. Natatandaan mo ’yung “Ginhawa at Pag-asa?” Akin ’yun! Ako ang nakaisip nu’n bok. Sinundan pa namin ng slogan na “hindi ka nag-iisa, kami’y kaisa,” tapos umarkila kami ng mga sikat na artista? Di ba bok hindi ka kasama du’n? Ayun, that’s exactly my point! Mga sikat nga kasi bok, ’yung ang bayad e milyon kada sampung segundo ng airtime. And what did it do for our president? From a relatively invisible son of popular ex-politicians, he became a symbol of hope. He became the way, the truth, the goddamn fucking light! Nagdiwang ang bayan kasama niya. Bok, sabihin mo

sa 'kin, ano ba'ng nagawa ng mga mas naunang administrasyon? Ano ba ang natatandaan mo?

**RAP-RAP**
*(Kinakabahan)* Ewan ko. Hindi ko alam.

**GAB**
Exactly bok, marami kayo, marami kayong mga walang alam. Pero bago dumating ang boss ko, we had an ex-actor plunderer for a president, tapos na-oust, pumalit 'yung unano na bise-presidente. Nu'ng panahon niya, ano ang napala natin? Illegal contracts sa mga public bidding, tampered counting machines noong reelections, tangina bok, 'yung massacre sa Maguindanao, panahon niya 'yun! Kanya 'yun! Di hamak na mas marami kaya 'yun kesa rito sa Shambhala! At 'yung papalit, My God bok, don't get me started with him!

**RAP-RAP**
Sinasabi ninyong iba 'yung boss ninyo sa kanila?

**GAB**
Ang sinasabi ko *(matitigilan)*, pucha, ano nga ba 'yung sinasabi ko? Ganito bok, it's all about chances. Dito sa boss natin, saka doon sa manok niya nitong nakaraang elections, 'yung manok namin na nadehado, may chance sana. May chance na makapagbigay ng pag-asa. May chance na diretsuhin ang mga dating mali. Di mo nagegets bok?

**RAP-RAP**
Ewan ko. Sabi nga ninyo, wooden ako, dull, walang kalaman-laman. Sabagay, ang hirap ding mag-isip dito. 'Yung kwarto, malamig. Malambot ang kama. Amoy bagong-linis ang lahat. Walang kahit anong alikabok. Kung nagkataong naging matalino ako gaya ninyo, hindi rin ako makakapag-isip nang maayos dito.

**GAB**
Mukhang namimilosopo ka bok.

**RAP-RAP**
Pilosopo? Naku, hindi ko kaya 'yun. Sabi nga ninyo, katawan lang ang puhunan ko. Siguro, kung may itatanong ako sa inyo, isa lang siguro. Puwede ba kayong tanungin?

**GAB**
Sige bok, try me.

**RAP-RAP**
Isa lang naman. 'Yung mga sinasabi ninyong "Diretsong Daan," 'yung mga magandang linya tungkol sa bansa na parang laro sa NBA, 'yung mga jingle tungkol sa liwanag saka pag-asa, 'yung mga Pilipino na boss ng pangulo ninyo, bakit po 'yung lahat ng 'yon, di nakatulong sa mga magsasaka sa Shambala?

**GAB**
Ano'ng ibig mong sabihin?

**RAP-RAP**
Kasi totoo naman 'yung sabi ninyo. Na lahat tayo, maraming mga dagdag at bawas na kuwento. Ako, totoo, marami akong iniba sa kuwento ng buhay ko. Pero du'n sa pinakaloob, du'n sa parte na wala kang pambili ng pagkain o gamot sa pamilya mo, gusto mong balang-araw makaranas ka ng de-aircon na kwarto na may malambot na higaan saka mabangong kubrekama. Gusto mong makapag-Maccrotel ka ng mga mahal mo sa buhay, makapagpalamig na hindi lang tuwing may booking. 'Yun ang alam ko.

**GAB**
*(Iritable)* May punto ba ang lahat ng sinasabi mo?

**RAP-RAP**
Kasi, tama nga kayo, hindi ako ganu'n katalino. Hanggang high school lang ang inabot ko. Pero kahit elementary, di ba itinuturo sa atin, sa values education pa nga 'yun, pag may nagugutom, alukin mo ng pagkain. Ang magsasaka, itinuturo kahit sa Araling Panlipunan sa grade one, sila ang nagtatanim ng pagkain natin. Bakit imbes na mag-isip kayo ng mahaba saka kumplikadong speech para sa pangulo, bakit hindi na lang ninyo sinabi sa boss ninyo na sabihing sige, okey na, bigyan natin ng pagkain ang mga nagugutom. Pakainin na natin 'yung mga nagpapakain sa atin.

**GAB**
Hindi naman ganu'n kasimple 'yun, bok. Nasa jurisdiction ng mga LGU 'yan, kailangan pang i-approve sa Commission on Audit ... Hindi pa nga tayo sigurado kung taga-Shambhala lahat ng magsasakang nag-rally sa Shambhala, then it would be another can of worms...

**RAP-RAP**
Ayan na naman kayo.

**GAB**
Ayan na naman ang ano?

**RAP-RAP**
Kanina may palaka-palaka kayo. May manok-manok. Ngayon, pa-can-of-worms-can-of-worms naman. Nilulunod na naman ninyo ako sa malalaking mga salita ninyo e. Nanlilito na naman kayo.

**GAB**
Hindi kita nalilito, nagpapaliwanag ako. Alam mo ba ’yung mga NPA? ’Yung mga grupong makakaliwa?

**RAP-RAP**
Mukhang mas kayo naman ang may alam ng lahat.

**GAB**
Ikaw bok, bata ka pa, hindi ka pa nagsisilbi sa gobyerno. ’Yung mga nagra-rally na ’yan, hindi lahat alam kung bakit sila nagra-rally. Inutusan ng mga komunista ’yan. Gusto kasi nilang manggulo. I’m sure, sila ang nagpasimula ng dahas doon kaya nag-open fire ang mga pulis. Walang alam ang mga magsasaka, hindi nila alam na ginagamit sila.

*Matatawa si Rap-Rap.*

**GAB**
Ano bok, ginagago mo ba ako?

**RAP-RAP**
Hindi, hindi Sir … ano nga ba ang pangalan ninyo Sir?

**GAB**
Gabriel. Gab.

**RAP-RAP**
Sir Gab.

**GAB**
Gab lang.

**RAP-RAP**
Sige, Gab. Hindi kita ginagago. Natatawa lang ako, kasi, ’yung mga magsasaka pala, parang ako lang din. Walang alam. Andami pala naming walang alam sa Pilipinas.

**GAB**
Sige, magbihis ka na. Kukunin ko na ang bayad mo.

**RAP-RAP**
Mahal ba ninyo ang trabaho ninyo?

*Patlang.*

**RAP-RAP**
Gab. Sabi ko, kung mahal mo ba ang trabaho mo?

*Patlang.*

**RAP-RAP**
Ako kasi, mahal ko ang pag-arte. Kahit sabi mo, wooden ako, dull, walang alam. Alam ko, gusto kong nakakapagpakilig ng mga manonood. Alam ko, pag natapos na ako sa mga ganitong trabaho, sa ganitong ginagawa ko, gaya ng ginagawa natin, alam kong gusto kong bumalik sa pag-arte, sa pagkanta, sa pagsayaw. Kahit sa amin lang sa Pagsanjan. Kahit para lang sa mga magulang ko saka kapatid. Alam ko hindi ka naniniwala. Pero ewan ko, wala namang camera rito, walang reporter. Tayo lang ang andito. At sinasabi kong ang sinasabi ko ay totoo. Mahal ko ang ginagawa ko, lalo nu’ng umpisa. Excited na akong makabalik doon sa feeling na ’yun. ’Yung feeling na lumilipad kasi masaya ka lang, ’yung walang mga ganitong patong-patong na problema.

*Patlang.*

**RAP-RAP**
Kayo? Ano ba kayo bago ang lahat ng ’to? Ano kayo pagkatapos nito? Ano ba ang uuwian ninyo pag sakaling ayaw na ninyong maging assistant public relations officer? O paano pag di na kayo kinuha ng magiging bagong pangulo?

*Patlang. Matatawa si Gab.*

**GAB**
Mahal. Mahal. Makinig ka bok. Ang alam ko lang tungkol sa pagmamahal ay ang sinasabi ng mga ka-basketball ko dati tungkol sa true love. Alam mo ba kung ano ang sinasabi nila, bok? Pagkatapos naming magbalyahan, pakatapos naming magpawis, doon namin pinag-uusapan kung ano ang true love. Ang sabi nila bok, ganito 'yun, "Pare, alam mo ba kung paano masasabing true love ka ng girlfriend mo? True love 'yan kapag chinupa ka ng syota mo at nilunok niya lahat ng katas mo." 'Yun. 'Yun lang ang alam kong true love.

*Magkakatitigan ang dalawa.*

**GAB**
Hindi ka pa nakakapagpalabas.

**RAP-RAP**
Ayos lang ako. Gusto ko na lang makauwi.

**GAB**
Gusto mo bang ma-gets ang true love?

**RAP-RAP**
Sorry di kita ma-gets.

**GAB**
Sige bok, tangina ka, papa-gets ko sa iyo. Tingnan natin kung true love ba talaga ang ginagawa mo.

*Makikipaghalikan si Gab kay Rap-Rap. Akmang ipapasok niya ang ari ni Rap-Rap sa puwitan niya. Maya-maya'y isusubo niya ang ari ni Rap-Rap. Makikita ang pagkailang ni Rap-Rap sa umpisa.*

**GAB**
Sabihin mo, kasalanan ng NPA ang lahat.

**RAP-RAP**
Ha?

**GAB**
Basta sabihin mo!

*Ipapagpatuloy ni Gab ang pagsubo sa ari ni Rap-Rap. Mabubulol si Gab habang sinasabi ang kanyang mga susunod na linya.*

**RAP-RAP**
Kasalanan … ng NPA ang lahat … *(Mapapaungol)* Kasalanan ng NPA … ang lahat …

**GAB**
Sinulsulan lang ang mga magsasaka …

**RAP-RAP**
Sinul … sinulsulan lang sila …

**GAB**
Ayan, sarap di ba, sige pa …

**RAP-RAP**
Sinulsulan … lang sila … NPA ang may kasalanan …

**GAB**
Tanga ang magsasaka sa Shambhala …

**RAP-RAP**
Tanga ang magsasaka ng Shambhala …NPA ang may kasalanan … Sinulsulan lang … malapit na ako … NPA … ayan na ako … Sinulsulan … Sinulsulan … Sinulsulaaaan!

*Akmang nilabasan si Rap-Rap sa loob ng bibig ni Gab. Biglang aakyat si Gab para halikan si Rap-Rap. Mandidiri si Rap-Rap pero mapipilit siya ni Gab. Itutulak ni Rap-Rap si Gab at maduduraan si Gab sa mukha. Maduduwal si Rap-Rap sa isang gilid ng kama habang magmamadaling magbihis, habang nakangisi naman si Gab na magsusuot din ng salawal at marahang maglalakad papunta sa banyo. Babalik si Gab, dala ang tuwalya na ipinapampunas sa mukha niya. Lalapit si Gab kay Rap-Rap.*

**GAB**
Tangina mo bok, nakakagigil ka. Pa-kiss nga.

*Tatangkaing manghalik ni Gab pero itutulak siya ni Rap-Rap. Kukuha ng pera si Gab mula sa pantalon niya at ipapahid-pahid ito sa mukha ni Rap-Rap bago tangkaing halikan uli ito. Mananabig si Rap-Rap. Magkakatulakan sila at matutuloy ito sa suntukan. Mapupunta ang dalawa offstage, maya-maya'y mapapabalik at may kasama na ang dalawang Security Personnel ni Gab na nalilito kung tutulong o mangsasaway sa dalawang nagsasapakan. May pagkakataong maitutulak ni Rap-Rap si Gab sa direksiyon ng Security Personnel at matutumba sina Gab. Makikita ni Gab ang baril ng Security Personnel, kukunin niya ito at itututok sa mukha ni Rap-Rap. Magugulat si Rap-Rap, mapapataas ng kamay.*

**GAB**
*(Pasigaw)* Ano? Tangina mo, ano ka? Tangina ngumanga ka putangina ka. Nganga! *(Isasalaksak ang baril sa bibig ni Rap-Rap, mapapaluhod si Rap-Rap nang nakasalaksak pa rin ang baril sa bunganga nito)* Ano, tangina mo magaling ka? Magaling ka ha? Ha? Eto'ng sa iyo tangina mo, tanginamoka!

*Akmang kakalabitin na ni Gab ang gatilyo pero titigil siya dahil mapapasigaw ang nakaluhod na si Rap-Rap, umiiyak at hindi maintindihan ang sinasabi. Hindi magpapaputok si Gab pero hahampasin niya ng baril si Rap-Rap sa ulo. Tutumba si Rap-Rap at uulit-ulitin ni Gab ang pagsapak dito hanggang sa halos hindi na gumagalaw si Rap-Rap at nangangalabit na rin ang dalawang Security Personnel para sawayin si Gab. Patlang.*

**GAB**
*(Astang iaabot ang baril sa isang Security Personnal)* 'Yung ambulansiya natin, patawag ninyo. Check ninyo ang perimeter. Kausapin'yung nasa may CCTV. The usual.

*Akmang hihilahin na ng isang Security Personnel si Rap-Rap palabas.*

**GAB**
Pagdating na lang ng ambulansiya. Dali tangina.

*Aalis ang dalawang Security Personnel. Habang nakahandusay si Rap-Rap, magpapaikot-ikot si Gab sa paligid ng silid. May kukunin siyang cellphone sa isang drawer. May sasagutin siyang tawag.*

**GAB**
Hello. Oo, nabasa ko ang mga text ninyo. I know. E talo na nga 'yung kandidato natin di ba? Nagpahangin nga lang. Oo, alam ko naghihintay na si Boss. Yes, gracious exit,

yes I know. ’Wag na, i-cancel na natin ’yung expose sa drug war nu’ng kabila, oo nga ’yun ’yung unang plano e alam mo namang lilipat tayo ng manok di ba. By the way, may naka-secure na ba doon kay president-elect? Anuba, bilisan niya kamo at mauunahan tayo niyan. Teka, wait …

*Babalik ang mga security personnel na may dalang stretcher, isasampa rito si Rap-Rap.*

Oy kayo, ganito kamo ang PR natin ha: Napagtripan ’yan ng adik. Uso’yun ngayon. Nanakawan siya saka nanlaban. Hanapin’yung contacts natin to do a sob-story piece tungkol sa kahirapan niya para ma-revive man lang natin ang career nito kahit for a few months. Pag dumadal pa ’yan, sabihin natin siya ang adik. O siya, go, go!

*Aalis ang security personnel kasama si Rap-Rap. Babalik si Gab sa phone.*

Hello. I know, eto na nga o! Basta’yung messages natin e puro pasasalamat saka ’yung lahat ng positive figures ng admin. Mum tayo sa Shambhala. We’ll play it like it never happened. Eto na bok, we’ll say, ganito ha, write it as I say it bok, let’s tell them … “Mula pa sa aking mga magulang, ang aking ama at inang nanindigan at lumaban sa nakaraang diktadura, silang hindi natakot sa mga panibagong mandarambong sa kaban ng bayan, hinding-hindi masasayang ang kanilang mga sakripisyo kahit ako’y nalalapit nang bumaba sa katungkulan. Magpapatuloy tayo sa tapat at maaasahang serbisyo, kahit pa natapos na ang aking termino. Ang tunay na champion ay ang taumbayan. Sa diretsong daan, sama-sama tayong maglalakbay, hanggang sa makalipad, sa isang mundong walang nagugutom, walang naaapi, walang nasasaktan.” Got it? Oks bok. Sige. Sige. ’Yung pinapaasikaso ko ha? Tangina ninyo, sige. *(Patlang, sa sarili)* God will provide. God will provide.

*Maya-maya’y mapapatingin si Gab sa telepono. Mapapangisi.*

*(Sa sarili)* Yes, finally! *(Sa kausap)* Hello? Yes, sige connect mo ako. *(Patlang)* Hello, Mr. President! Magandang gabi po at congrats, Tatay! Yes, “Tatay,” maganda po sa pandinig ano? That’s how we plan on moving forward with your presidency, opo Tatay, kung papaunlakan ninyo ang team namin. Yes, yes, opo Tatay! Yes po, thank you po. Now, Tatay, gusto po ba ninyong malaman kung paano po tayo magta-transition from “Tatay” to “Panginoon?” Yes po, kayo po ang Diyos, at kami naman ang magiging boses ng Diyos! Sounds good, right? Yes, opo Panginoon, hello, Philippines, here comes your new God! *(Tatawa at magpapatuloy sa pakikipag-usap habang nawawala ang liwanag)*.